# Ang Batas ng People’s Republic of China sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong

Pangalagaan ang Isang Bansa,
Dalawang Sistema
Ibalik ang Katatagan



# Ang Batas ng People’s Republic of China sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong

Deklarasyon: Ipinakikilala ng buklet na ito ang pinagmulan ng pagsasabatas ng Ang Batas ng People’s Republic of China sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong, binabalangkas ang pangunahing nilalaman at sinasagot ang ilang karaniwang mga katanungan tungkol sa Batas.

Ang isinaling bersyon ay para sa talasanggunian lamang.
Sa kaso ng anumang pagkakaiba sa pagitan ng isinalin na bersyon at orihinal na bersyon, ang orihinal na bersyon ang mananaig.

# Paunang salita

Mga kapwa mamamayan ng Hong Kong,

Habang ipinagdiriwang natin ang ika-23 anibersaryo ng pagkakatatag ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong ("HKSAR") ng People's Republic of China ("PRC"), ipinasa ng National People's Congress ("NPC") Standing Committee ang "Ang batas ng People's Republic of China sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong" ("ang Batas ng Pambansang Seguridad") at inilista ang batas sa Annex III sa Pangunahing Batas alinsunod sa Artikulo 18 ng Pangunahing Batas. Ang batas ay inilapat din sa paraan ng pagpapahayag sa HKSAR sa parehong araw. Ito ay isang makasaysayang hakbang upang mapabuti ang sistema para sa Hong Kong upang mapag-ingatan ang kapangyarihan, paninindigan sa teritoryo at seguridad ng ating bansa. Nagtatakda ito ng malinaw na direksyon upang matulungan ang "Isang Bansa, Dalawang Sistema" na makabalik sa landas, at kumakatawan sa isang mahalaga at napapanahong desisyon para sa pagpapanumbalik ng katatagan sa Hong Kong.

Sa nakalipas na buwan o higit pa, ang mga opisyal at eksperto sa batas ng Mainland, ang aking namamahalang pangkat at ako, ang mga pinuno ng lokal na pulitika at negosyo at mga miyembro mula sa iba't ibang sektor ng lipunan ay nagpaliwanag mula sa iba't ibang mga pananaw na ito ay konstitusyonal, ayon sa batas, makatuwiran at makatarungan para sa mga Sentral na Awtoridad upang magpatibay ng batas para sa Hong Kong upang mapag-ingatan ang pambansang seguridad. Ang pagsasabatas ng batas ay hindi makakaapekto sa mataas na antas ng awtonomiya, kalayaan ng hudisyal at ang tuntunin ng batas sa Hong Kong. Ang Kagawaran ng Hustisya ay patuloy na magiging malaya mula sa panghihimasok sa gawain nito sa paglilitis ng kasong kriminal. Ang mga karapatan at interes na naaayon sa batas ng mga mamamayan ng Hong Kong ay hindi hihina. Tinutumbok lamang ng batas ang isang napakaliit na minorya ng mga taong gumagawa ng apat na uri ng krimen na seryosong nagsasapanganib sa pambansang seguridad sa ilalim ng Batas ng Pambansang Seguridad, at nagpoprotekta sa mga buhay at ari-arian, mga pangunahing karapatan at kalayaan ng karamihan ng mga mamamayan.



Ang pagsasabatas ng isang batas sa pambansang seguridad para sa Hong Kong ng mga Sentral na Awtoridad sa pambansang antas ay nakakuha ng napakaraming mapanirang-puri at malisyosong pag-atake mula sa mga organisasyon at indibidwal sa loob at labas ng bansa na sinamahan ng karaniwang mga pagmumura at pagpapahiya. Sa gitna nito, hinihimok ko ang lahat na huminto at mag-isip. Sino maliban sa Central People’s Government (CPG) at sa Pamahalaan ng HKSAR ang matatag na determinado sa pagtitiyak ng epektibong pagpapatupad ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”? Sa nakalipas na 23 taon, hindi ba ang ating bansa, sa halip na mga dayuhang estado o panlabas na pwersa, na sumusuporta sa pag-unlad ng Hong Kong bilang isang internasyonal na sentro ng pananalapi, transportasyon at kalakalan? Sa nakalipas na mga taon, sino ang bumabalewala sa interes ng mga mamamayan ng Hong Kong sa pamamagitan ng tahasang pagtataguyod ng “kalayaan ng Hong Kong”, “determinasyon-sa-sarili” at “reperendum”, at nakikusap para panghimasukan ang mga usapin ng Hong Kong ng mga dayuhang pamahalaan o maging ang mga kaparusahan laban sa Hong Kong? Ang mga mapanirang kilos at aktibidad na ito ang naging sanhi na maging isang napakalaking agwat ang Hong Kong sa pambansang seguridad ng ating bansa. Nanganganib din ang kaunlaran at katatagan ng ating lungsod.

Ang Batas ng Pambansang Seguridad ay ang pinakamalaking pagbabago para sa Hong Kong upang makahanap ng isang paraan mula sa hindi pagkakasundo at pagbalik ng kaayusan mula sa kaguluhan. Ang Pamahalaan ng HKSAR ay may malaking responsibilidad sa pagpapatupad ng Batas ng Pambansang Seguridad, at buong pagsisikap na ipatupad ito. Sa pamamagitan ng pagtatatag at pagpapabuti ng legal na sistema at mga mekanismo ng pagpapatupad upang mapag-iingatan ang pambansang seguridad, makakaiwas ang Hong Kong sa mga kaguluhan at makakabalik sa katatagan. Magkasama, maaari nating muling ilunsad ang Hong Kong at isulong ang pag-unlad ng lungsod.

Carrie Lam
Punong Ehekutibo
Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong




中华人民共和国第十三届全国人民代表大会第三次

# Pinagmulan

- Ang HKSAR ay isang hindi maiaalis na parte ng PRC.
- Ang HKSAR ay dapat maging isang lokal na administratibong rehiyon ng PRC, na dapat magtatamasa ng mataas na antas ng awtonomiya at direktang isasailalim sa CPG..
- Ang mga pambansang batas na may kaugnayan sa depensa at mga usaping panlabas pati na rin ang iba pang mga bagay sa labas ng mga limitasyon ng awtonomiya ng HKSAR sa ilalim ng Pangunahing Batas ay maaaring ilista sa Annex III sa Pangunahing Batas, at anumang batas na nakalista ay dapat lokal na ilapat sa pamamagitan ng paraan ng pagpapahayag o pagsasabatas ng HKSAR..
- Ang pambansang seguridad ay isang bagay sa loob ng saklaw ng mga Sentral na Awtoridad. Maging isa man itong unitaryo o pederal na estado, ang batas sa pambansang seguridad ay palaging isinasakatuparan ng mga sentral na awtoridad sa halip na mga lokal na pamahalaan.
- Ang NPC ay ang pinakamataas na organisasyon ng kapangyarihan ng estado, at ang mga desisyon nito ay may pinakamataas na legal na epekto. Upang maitaguyod ang pambansang pagkakaisa at integridad ng teritoryo, pagpapanatili sa kaunlaran at katatagan ng Hong Kong, at sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kasaysayan at katotohanan ng Hong Kong, itinatag ng PRC ang HKSAR alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo 31 ng Konstitusyon ng People's Republic of China (Konstitusyon ng PRC). Alinsunod sa Artikulo 62 ng Konstitusyon ng PRC, ang mga sistemang itatatag sa HKSAR ay dapat itakda ng batas na isasabatas ng NPC at gagamitin ng NPC ang kapangyarihan upang pangasiwaan ang pagpapatupad ng Pangunahing Batas.

- Ang Artikulo 23 ng Pangunahing Batas ay isang probisyon sa relasyon sa pagitan ng mga Sentral na Awtoridad at ng HKSAR. Itinatakda nito na ang Hong Kong ay “Dapat magsabatas ng mga batas sa sarili nito” upang ipagbawal ang pitong uri ng mga kilos at aktibidad na nagsasapanganib sa pambansang seguridad. Ito ay isang obligadong probisyon sa halip na isang sugnay sa delegasyon ng kapangyarihan. Ito ay nagpapakita ng kumpiyansa ng mga Sentral na Awtoridad sa HKSAR, ngunit ang pagkilos na ito ng pagtitiwala ay hindi nangangahulugan na ang mga Sentral na Awtoridad ay ibinigay na ang kanilang kapangyarihan sa mga usapin ng pambansang seguridad na nasa ilalim ng kanilang saklaw.

- Ang pag-iingat ng pambansang seguridad sa pamamagitan ng batas ay naaayon sa internasyonal na kinagawian. Sa ilalim ng Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal, ang Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Kultura gayundin ang mga konstitusyon ng karamihan sa mga bansa sa buong mundo, malinaw na itinakda na ang mga paghihigpit ay maaaring ipataw ng batas sa ilang mga pangunahing karapatan at kalayaan ng indibidwal para sa layuning mapag-iingatan ang pambansang seguridad.

- Ang Pangunahing Batas ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Macao ay naglalaman ng isang artikulo na kapareho ng Artikulo 23. Nakumpleto ng Macao SAR ang lokal na batas noong 2009 at itinatag ang Komite ng Pambansang Seguridad noong 2018.

- Noong 2003, ipinakilala ng Pamahalaan ng HKSAR ang Pambansang Seguridad (Legislative Provisions) Bill upang ipatupad ang Artikulo 23 ng Pangunahing Batas, ngunit walang nangyari. Simula noon, ang pagsasabatas ng lokal na batas tungkol sa pambansang seguridad ay labis na siniraan at hinamak ng ilang tao na may lihim na motibo, na nagpapahirap sa Pamahalaan ng HKSAR na simulan ang kaukulang gawain. Bilang resulta, ang Hong Kong ay matagal nang “walang kalaban-laban” patungkol sa pag-iingat sa pambansang seguridad at samakatuwid ay nahaharap sa malalaking peligro. national security and hence facing considerable risks.


Shangri-La



# Mga Kasalukuyang Pag-unlad

- Ang "Isang Bansa, Dalawang Sistema" ay ang pinakamahusay na kasunduan ng institusyon upang matiyak ang pangmatagalang katatagan ng Hong Kong. Gayunpaman, ang pagpapatupad nito ay nahaharap sa ilang mga bagong isyu sa mga nakaraang taon, kabilang ang mga hamon sa relasyon sa pagitan ng HKSAR at ng Sentral na Awtoridad, ang pag-usbong ng "nativism" at "kasarinlan ng Hong Kong" na puno ng laban-sa-China na sentimyento at panlipunang kaguluhan na direkta o hindi direktang hinikayat ng oposisyon sa mga patakaran ng Pamahalaan, tulad ng "kampanya laban-sa-pambansang edukasyon" noong 2012, ang "kilusan ng pananakop" bilang protesta sa repormang pampulitikal noong 2014, ang "kaguluhan sa Mong Kok" noong 2016, mga kaguluhan na nagmumula sa oposisyon sa iminungkahing mga pagbabago sa lehislatibo sa Fugitive Offenders Ordinance noong 2019, atbp. Ang ganitong mga pagkilos at aktibidad ay lubhang nagpapahina sa kaayusan ng lipunan, malisyosong nagpapalaganap ng mga radikal na ideya at nagpapahina sa kamalayan sa pagsunod-sa-batas ng mga mamamayan ng Hong Kong, lalo na ng mga kabataan.

- Mula nang magsimula ang mga kaguluhan na nagmumula sa oposisyon sa iminungkahing mga pagbabago sa lehislatibo sa Fugitive Offenders Ordinance noong Hunyo ng nakaraang taon, na-trauma ang komunidad ng Hong Kong. Tumaas ang karahasan ng mga manggugulo, na may mga ilegal na baril at pampasabog bilang isang banta ng terorismo. Ang mga pwersa ng oposisyon at organisasyon na nagtataguyod ng "kasarinlan ng Hong Kong" at "kalayaang magpasya" ay tahasang hinamon ang awtoridad ng mga Sentral na Awtoridad at ang Pamahalaan ng HKSAR, nakiusap para manghimasok sa mga usapin ng Hong Kong ng mga panlabas na pwersa at humingi pa ng mga kaparusahan laban sa Hong Kong at sa gayon ay binabalewala ang interes ng mga tao ng Hong Kong at ng ating bansa. Samantala, pinatitindi ng mga panlabas na pwersa ang kanilang panghihimasok sa mga panloob na usapin ng Hong Kong, nagpasa ng mga batas na may kaugnayan sa mga karapatang pantao, demokrasya o awtonomiya ng Hong Kong, at lantarang pinuri ang mga iligal na kilos ng mga radikal, ang lahat ng ito ay seryosong nagdudulot ng panganib sa soberanya, seguridad at interes ng pag-unlad ng ating bansa.


中華人民共和國香港特別
記者
PRESS
661

- Nagbago ang sitwasyon sa Hong Kong sa isang estado na ang mga Sentral na Awtoridad ay walang alternatibo kundi ang mamagitan at kumilos. Sa paggamit ng “Desisyon ng Pambansang Kongreso ng Bayan sa Pagtatatag at Pagpapabuti ng Legal na Sistema at Mga Mekanismo ng Pagpapatupad para sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong upang Mapag-iingatan ang Pambansang Seguridad” sa Ikatlong Sesyon ng 13th NPC, ang NPC Standing Committee ay pinahihintulutan upang maisabatas ang kaukulang batas. Alinsunod sa awtorisasyon at pagsasaalang-alang sa mga aktwal na kalagayan ng Hong Kong pati na rin ang katugunan mula sa Pamahalaan ng HKSAR at lahat ng sektor ng komunidad, ipinasa ng NPC Standing Committee ang “Ang Batas ng People’s Republic of China sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad sa Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong” sa ika-20 pulong nito noong 30 Hunyo para isama sa Annex III sa Pangunahing Batas ayon sa Artikulo 18 ng Pangunahing Batas. Ang batas ay ipinahayag at nagkabisa sa parehong araw sa HKSAR.

# Pangunahing Nilalaman ng Batas

## Malinaw na Nakasaad ang Layunin ng Batas

- Upang ganap at tapat na maipatupad ang mga prinsipyo ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema", "mga tao ng Hong Kong na nangangasiwa sa Hong Kong" at isang mataas na antas ng awtonomiya, upang mapag-iignatan ang pambansang seguridad, at upang maiwasan, masugpo at maparusahan ang mga krimeng may kaugnayan sa HKSAR, katulad ng mga batas ng sesesyon, pagbagsak ng kapangyarihan ng estado, pag-oorganisa at pagsasagawa ng mga aktibidad ng terorismo, at pakikipagsabwatan sa mga dayuhan o panlabas na pwersa upang ilagay sa panganib ang pambansang seguridad.

## Proteksyon ng mga Karapatang Pantao at Kalayaan

- Malinaw na itinatakda ng Batas ng Pambansang Seguridad na dapat protektahan ng HKSAR ang mga karapatan at kalayaan ng mga mamamayan ng Hong Kong sa ilalim ng Pangunahing Batas gayundin ang mga kaukulang probisyon ng Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal at ang Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultura, gaya ng inilapat sa Hong Kong, kabilang ang mga kalayaan sa pagsasalita, ng pamamahayag, ng paglalathala, ng asosasyon, ng pagpupulong, ng prusisyon at ng demonstrasyon.



## Mabisang Pagsasakatuparan ng Tuntunin ng Batas

- Ang mga sumusunod ay ang mahahalagang prinsipyo ng alituntunin ng batas na dapat sundin, kabilang ang:
  - Ang paghahatol at pagsesentensiya ng mga krimen ay dapat na maipaliwanag nang mabuti sa batas: ang isang tao na gumawa ng isang kilos na bumubuo ng isang pagkakasala sa ilalim ng batas ay dapat mahatulan at maparusahan alinsunod sa batas. Walang sinuman ang mahahatulan at maparusahan para sa isang kilos na hindi bumubuo ng isang pagkakasala sa ilalim ng batas.
  - Pagpapalagay ng pagiging inosente: ang isang tao ay ipinapalagay na inosente hanggang nahatulan ng hudisyal na lupon.

- Non bis in idem: walang sinuman ang mananagot na litisin o muling maparusahan para sa isang pagkakasala kung saan siya ay nahatulan na sa wakas o napawalang-sala sa mga hudisyal na paglilitis.

- Karapatan sa isang patas na paglilitis: ang karapatang ipagtanggol ang kanyang sarili at ang iba pang mga karapatan sa mga hudisyal na paglilitis na ang isang pinagsususpetsahang kriminal, nasasakdal at iba pang mga partido sa mga hudisyal na paglilitis ay may karapatan na dapat maprotektahan sa ilalim ng batas.

- Di-pagtanaw sa nakalipas: ang Batas ng Pambansang Seguridad ay nalalapat lamang sa mga kilos pagkatapos nitong simulan.

## Ang Mga Tungkulin at ang mga Lupon ng Pamahalaan ng HKSAR para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad



- Ang CPG ay may pangkalahatang responsibilidad para sa mga usapin ng pambansang seguridad na may kaugnayan sa HKSAR.

- Ang HKSAR ay may konstitusyonal na katungkulan na pangalagaan ang pambansang seguridad at dapat nitong gampanan ang tungkulin nang naaayon – ang mga awtoridad sa ehekutibo, lehislatura at hudikatura ay dapat epektibong pigilan, sugpuin at parusahan ang mga kilos at aktibidad na nagsasapanganib sa pambansang seguridad alinsunod sa mga nauugnay na batas.

- Dapat kumpletuhin ng HKSAR sa lalong madaling panahon ang batas para sa pag-iingat ng pambansang seguridad gaya ng itinakda sa Pangunahing Batas at dapat pagbutihin ang mga nauugnay na batas.

- Ang isang Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR na pinamumunuan ng Punong Ehekutibo ay dapat itatag upang akuin ang pangunahing responsibilidad para sa pag-iingat ng pambansang seguridad sa HKSAR. Ito ay dapat nasa ilalim ng pangangasiwa ng at mananagot sa CPG.

# Buong Pagsasakatuparan ng tuntunin ng batas

- Ang paniniwala at paghatol ng mga krimen ay dapat na maipaliwanag nang mabuti sa batas
- Pagpapalagay ng pagiging inosente
- Proteksyon laban sa double jeopardy
- Mga makatarungang paglilitis
- Walang kapangyarihang retrospective



- Ang mga miyembro ng Komite ay kinabibilangan ng: ang Punong Kalihim para sa Administrasyon, Kalihim ng Pananalapil, Kalihim para sa Katarungan, Kalihim para sa Seguridad, Komisyoner ng Pulisya, ang pinuno ng kagawaran para sa pag-iingat ng pambansang seguridad ng Kapulisan ng Hong Kong na itinatag sa ilalim ng Artikulo 16 ng Batas ng Pambansang Seguridad, Direktor ng Imigrasyon, Komisyoner ng Customs at Pagbubuwis, at ang Direktor ng Tanggapan ng Punong Ehekutibo. Ang Kalihiman sa ilalim ng Komite ay pamumunuan ng Pangkalahatang Kalihim, na hinirang ng CPG sa nominasyon ng Punong Ehekutibo.

- Ang mga tungkulin ng Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR ay pag-aralan at tasahin ang mga pag-unlad na may kaugnayan sa pag-iingat ng pambansang seguridad sa HKSAR, gumawa ng mga plano sa trabaho at gumawa ng mga patakaran, isulong ang pagbuo ng legal na sistema at mga mekanismo ng pagpapatupad, at mag-coordinate ng pangunahing gawain at makabuluhang operasyon.

- Ang Komite ay dapat na malaya mula sa anumang panghihimasok sa pagganap ng mga tungkulin nito at ang impormasyong may kaugnayan sa gawain nito ay hindi dapat ibunyag sa publiko. Ang mga desisyong ginawa ng Komite ay hindi dapat tanggapin sa mga hudisyal na pagsusuri.

- Ang Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR ay dapat magkaroon ng Pambansang Tagapayo ng Seguridad, na dapat itinalaga ng CPG. Ang Pambansang Tagapayo ng Seguridad ay dapat dumadalo sa mga pagpupulong ng Komite at magbibigay ng payo sa mga kaugnay na bagay.

- Bilang pangunahing mga awtoridad sa pagpapatupad ng Batas ng Pambansang Seguridad, ang Hong Kong Police Force at ang Kagawaran ng Hustisya ng Pamahalaan ng HKSAR ay dapat mag-set up ng dedikadong mga dibisyon upang pangasiwaan ang mga usapin ng pambansang seguridad.

- Ang Kalihim ng Pananalapi ay dapat, sa pag-apruba ng Punong Ehekutibo, na maglaan mula sa pangkalahatang kita ng isang espesyal na pondo upang matugunan ang gastusin para sa pag-iingat ng pambansang seguridad at aprubahan ang pagtatatag ng mga kaugnay na posisyon, na hindi napapailalim sa anumang mga restriksyon sa mga nauugnay na probisyon sa umiiral na mga batas. Ang Kalihim ng Pinansyal ay dapat magsumite ng taunang ulat sa pagkontrol at pamamahala ng pondo para sa layuning ito sa Konseho ng Lehislatibo.

## Pagtatakda ng Apat na Uri ng Krimeng Nagpapahamak sa Pambansang Seguridad at ang kanilang mga Parusa

- Sakop ng pambansang seguridad ang malawak na saklwa ng mga usapin. Maliban sa mga tradisyonal na paksa tungkol sa seguridad katulad ng politikal na seguridad, panteritoryong seguridad at militar na seguridad, kasama rin dito ang pinansyal na seguridad, biyolohikong seguridad at  cybersecurity. Ang layunin ng Batas sa Pambansang Seguridad ay ang pagtugon sa mga pinakamalubha at mahalagang panganib sa Hong Kong sa kasalukuyan, at pinupuntirya lamang nito ang napakaliit na bilang ng mga lumalabag sa batas.

- Nakasaad sa Kapitulo 3 ng Batas sa Pambansang Seguridad, mga Salat at mga Parusa anh mga espesipikong elemento ng krimen at ang mga kaukulang parusa, gayon din ang iba pang mga parusa at ang kanilang mga saklaw ng bisa kaugnay ng apat na uri ng krimen. Ito ay paghiwalay sa bansa, paghihimagsik sa kapangyarihan ng estado, mga gawain ng terorismo at pakikipagsabwatan sa mga banyaga at panlabas na puwersa upang ipahamak ang pambansang seguridad.

- Para sa mga detalye, mangyaring tumugon sa mga kaugnay na paglalaan (Artikulo 20 hanggang 39) ng Batas sa Pambansang Seguridad na inupload sa website ng Pamahalaan.

## Pagtatakda ng Hurisdiksyon ng mga Kaso, Kaangkupan ng Batas at mga Legal na Pamamaraan

- Maliban sa mga tinukoy na kalagayan, may hurisdiksyon ang HKSAR sa mga kasong may kaugnayan sa mga salang nasa ilalim ng Batas sa Pambansang Seguridad. Para sa mga kaso sa ilalim ng hurisdiksyon ng HKSAR, naaangkop ang mga Batas sa Pambansang Seguridad at mga batas ng HKSAR sa mga usapin ng pamamaraan, kasama na ang mga may kaugnayan sa pagsisiyasat sa krimen, pag-uusig, paglilitis at paglalapat ng parusa.

- Sa paghawak sa mga kaso ng pambansang seguridad, ang kagawarang responsable sa pangangalaga sa pambansang seguridad sa ilalim ng Puwersa ng Pulis ng Hong Kong ay maaaring gumawa ng mga hakbang na pinayapagayan itong gawin sa pagsisiyasat ng mga malubhang krimen sa ilalim ng mga batas na ipinapatupad sa HKSAR o iba pang nakatakdang hakbang sa ilalim ng Batas sa Pambansang Seguridad, kasama na ang pagsasagawa ng pagharang ng pakikipagtalastasan at lihim na pagmamatyag pagkatapos ng pag-apruba ng Punong Ehekutibo sa isang taong pinaghihinalaan nang may matibay na dahilan ng pagkakasangkot sa pagkakasalang nagpapahamak sa pambansang seguridad, paghahalughog ng lugar, paghiling sa mga kaugnay na organisasyon o indibidwal na sumagot sa mga tanong at magbigay o magbura ng impormasyon, atbp. Sa ilalim ng Batas sa Pambansang Seguridad, papayagan ang Komite para sa Pangangalaga ng Pambansang Seguridad ng HKSAR na gumawa ng mga kaugnay na patakaran ng pagpapatupad para sa layunin ng paglalapat ng mga hakbang sa itaas.

- Ang kinauukulang kagawaran sa ilalim ng Kagawaran ng Katarungan ay responsable sa pag-uusig ng mga salang may kaugnayan sa pambansang seguridad. Hindi maaaring magtatag ng pag-uusig ng isang kasong may kaugnayan sa pambansang seguridad nang walang nakasulat na pahintulot ng Kalihim ng Katarungan. Sa mga dahilan katulad ng pagproprotekta sa mga pambansang lihim, maaaring maglabas ang Kalihim ng Katarungan ng sertipiko upang iutos na litisin ang ang kaugnay na kaso nang walang hurado. Kung lilitisin ang kaso sa Hukumang Unang Dulugan, dapat bumuo ng Hukumang naglalaman ng tatlong hukom.

- Ang mga hukom na itinalaga mula sa mga hukuman sa lahat ng antas ay responsable sa pagdinig ng mga kasong may kaugnayan sa mga salang nagpapahamak sa pambansang seguridad. Maliban na lamang kung may kaugnay na mga pambansang lihim, isasagawa ang paglilitis sa bukas na hukuman at ihahayag ang lahat ng hatol sa madla. Itatakda ang mga "itinakdang hukom" mula sa mga hukom ng mga hukuman ng lahat ng antas ng Punong Ehekutibong maaaring sumangguni sa Komite para sa Pangangalaga ng Pambansang Seguridad ng HKSAR at Punong Mahistrado ng Hukuman ng Hukumang Huling Dulugan bago gawin ito.

- Ang mga tinukoy na kalagayan ay tumutukoy sa anuman sa sumusunod na tatlong uri ng kalagayang iniulat sa CPG para sa pag-apruba ng Pamahalaan ng HKSAR o Tanggapan para sa Pangangalaga ng Pambansang Seguridad ng CPG sa HKSAR:



1. ang kaso ay komplikado dahil sa panghihimasok ng isang banyagang bansa o mga panlabas na elemento, samakatuwid mahihirapan ang HKSAR na magkaroon ng hurisidksyon sa kaso;

2. nangyayari ang isang malubhang kalagayan kapag hindi kayang mabisang ipatupad ng Pamahalaan ng HKSAR ang Batas sa Pambansang seguridad; o

3. may nangyaring malaki at parating na banta sa pambansang seguridad.

- Sa mga kalagayan sa itaas, magkakaroon ang tanggapan ng CPG sa HKSAR sa pambansang seguridad (tingnan sa ibaba) ng hurisdiksyon sa mga kasong nasa ilalim ng Batas sa Pambansang Seguridad. Sa pagkakaroon ng hurisdiksyon, sisimulan ng tanggapan ang pagsisiyasat sa kaso, magtatakda ang Kataas-taasang Tanggapang Bayan sa Pag-uusig ng lupong tagapag-usig upang usigin ito, at magtatakda ang Kataas-taasang Hukumang Bayan ng hukuman upang pagpasyahan ito.

## Ang tanggapan ng CPG sa HKSAR sa pambansang seguridad

- Itatatag ng CPG ang Tanggapan para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng CPG sa HKSAR. Ang Tanggapan ay dapat na responsable para sa pagsusuri at pagtatasa ng mga pag-unlad na may kaugnayan sa pag-iingat ng pambansang seguridad sa HKSAR at pagbibigay ng mga opinyon at paggawa ng mga panukala sa mga pangunahing estratehiya at mahahalagang patakaran para sa pag-iingat ng pambansang seguridad; pangangasiwa, paggabay, pakikipag-ugnayan sa at pagbibigay ng suporta sa HKSAR sa pagganap ng mga tungkulin nito para sa pag-iingat ng pambansang seguridad; pagkokolekta at pagsusuri ng kaalaman at impormasyon tungkol sa pambansang seguridad; at paghawak ng mga kaso tungkol sa mga paglabag na nagsasapanganib sa pambansang seguridad alinsunod sa Batas ng Pambansang Seguridad sa ilalim ng mga partikular na pangyayari (tingnan sa itaas).

- Ang mga kawani ng Tanggapan ay dapat sumunod sa mga pambansang batas gayundin sa mga batas ng HKSAR, at dapat sumailalim sa pangangasiwa ng mga pambansang awtoridad sa pangangasiwa.

- Ang Tanggapan ay dapat na magtatatag ng mekanismo ng pakikipag-koordinasyon sa Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR at dapat na magtatatag ng mga mekanismo para sa pakikipagtulungan sa mga kaugnay na awtoridad ng HKSAR upang mapahusay ang pagbabahagi ng impormasyon at koordinasyon ng mga operasyon.

- Ang Tanggapan ay popondohan ng CPG.

# Karaniwang Mga Tanong

1

## Para sa mga Sentral na Awtoridad na mamagitan at maisabatas ang batas para sa HKSAR upang mapag-iingatan ang pambansang seguridad, lalabag ba ito sa Artikulo 23 ng Pangunahing Batas at sisirain ang prinsipyo ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”?

Ang sagot ay tiyak na hindi. Ang pambansang seguridad ay palaging isang bagay na nasa ilalim ng saklaw ng mga Sentral na Awtoridad. Ang Artikulo 23 ng Pangunahing Batas ay nagsasaad na ang Hong Kong ay “dapat na sariling isabatas nito ang mga batas” upang ipagbawal ang pitong uri ng mga kilos at aktibidad na nagsasapanganib sa pambansang seguridad. Gayunpaman, 23 taon na ang nakalipas mula nang ibinigay ang Hong Kong at gayon pa man ang pagsasabatas ng batas sa ilalim ng Artikulo 23 ay hindi pa natatapos. Ang kasalukuyang pag-unlad ng sitwasyon ng Hong Kong mula noong Hunyo ng nakaraang taon ay ganap na inilantad ang mga legal na butas at tunay na peligro sa Hong Kong sa pag-iingat ng pambansang seguridad. Imposibleng magbulag-bulagan ang mga Sentral na Awtoridad sa sitwasyon.

Obligasyon ng lahat ng sentral na awtoridad na pangalagaan ang pambansang seguridad, at protektahan ang buhay, ari-arian, karapatan at kalayaan ng mga tao. Ang Artikulo 3 ng "Desisyon sa Pagtatatag at Pagpapabuti ng Legal na Sistema at Mga Mekanismo ng Pagpapatupad para sa HKSAR upang Mapag-iingatan ang Pambansang Seguridad" na ipinasa ng NPC noong ika-28 ng Mayoay nagbibigay-diin na dapat kumpletuhin ng HKSAR ang batas ng pambansang seguridad na isinaad sa Pangunahing Batas sa lalong madaling panahon. Inulit ng Batas ng Pambansang Seguridad na dapat gampanan ng HKSAR ang responsibilidad nito sa pagkukumpleto ng pagsasabatas ng batas sa ilalim ng Artikulo 23. Sa pagtatapos ng gawaing lehislatibo, ang Batas ng Pambansang Seguridad na isinasabatas ng NPC Standing Committee at ang batas ng HKSAR ay magkakasamang bubuo ng legal na balangkas ng proteksyon para sa pag-iingat ng pambansang seguridad sa HKSAR.



Ang mga Sentral na Awtoridad ay walang pag-aalinlangan na itinataguyod ang prinsipyo ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema". Dapat na maunawaan ng lipunan ng Hong Kong ang relasyon sa pagitan ng "Isang Bansa" at "Dalawang Sistema" nang maayos. Ang "Isang Bansa" ay ang pundasyon para sa "Dalawang Sistema", at ang pundasyong ito ay malubhang mayayanig kung ang integridad ng teritoryo ay nakompromiso at ang pambansang seguridad ay nasa peligro. Sa kabaligtaran, mas malakas ang bottom line para sa pambansang seguridad, mas malaki ang posibilidad para sa pag-unlad sa ilalim ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema."

## 2

# Makakaapekto ba ang Batas ng Pambansang Seguridad sa mga pangunahing karapatan at kalayaan ng prusisyon, ng demonstrasyon, ng pamamahayag, at ng pananalita, bukod sa iba pa, na tinatamasa ng mga residente ng Hong Kong?

Hindi. Ang Batas ng Pambansang Seguridad ay naglalayong magpataw ng gapos sa apat na uri lamang ng mga kilos at aktibidad na malubhang nagsasapanganib ng pambansang seguridad. Tinutumbok nito ang napakaliit na minorya ng mga tao nang hindi naaapektuhan ang mga pangunahing karapatan at kalayaang lehitimong tinatamasa ng mga mamamayan ng Hong Kong. Kapag ginagamit ang mga karapatang ito, ang mga residente o mamamahayag ng Hong Kong ay hindi dapat mag-alala hangga't hindi nila nilalabag ang mga paglabag sa pagtiwalag, pagbagsak ng kapangyarihan ng estado, organisasyon at pagsasagawa ng mga aktibidad ng terorismo at pakikipagsabwatan sa mga dayuhan o panlabas na pwersa na nagsasapanganib sa pambansang seguridad gaya ng tinukoy sa ilalim ang batas.

Malinaw na isinaad sa ilalim ng Batas ng Pambansang Seguridad na ang prinsipyo ng paggalang at pagprotekta sa mga karapatang pantao ay dapat itaguyod sa pag-iingat ng pambansang seguridad at ang mga lehitimong karapatan ng mga mamamayan ng Hong Kong na gamitin ang kanilang kalayaan sa pananalita, tulad ng paggawa ng mga pangkalahatang puna na tumutuligsa sa mga patakaran o opisyal ng gobyerno, ay hindi dapat ikompromiso.

Gayunpaman ito ay mahalagang tandaan na sa ilalim ng Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal, ang Internasyonal na Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultura pati na rin ang mga konstitusyon ng karamihan sa mga bansa sa buong mundo, malinaw na isinasaad na ang ilang mga pangunahing karapatan at kalayaan ng ang mga indibidwal ay maaaring limitahan sa pamamagitan ng batas para sa layuning mapag-iingatan ang pambansang seguridad.



# Ang National People's Congress Decision na isasabatas ang batas sa pag-iingat ng pambansang seguridad para sa HKSAR

- Pagta-target sa isang napakaliit na minorya ng mga kilos at aktibidad na nagsasapanganib ng pambansang seguridad
- Pagprotekta sa buhay at ari-arian, mga pangunahing karapatan at kalayaan ng napakaraming mamamayan

**Patuloy na tatamasahin ng mga mamamayan ng Hong Kong ang lehitimong kalayaan sa pananalita, ng pamamahayag, ng pagpupulong, ng demonstrasyon, ng prusisyon, at ang pagpasok o paglabas ng Hong Kong.**



## 3

## Tinatarget ng Batas ng Pambansang Seguridad ang pakikipagsabwatan sa mga dayuhan o panlabas na pwersa. Maaapektuhan ba ng batas ang mga aktibidad sa pagitan ng mga mamamayan, organisasyon o korporasyon ng Hong Kong at ng kanilang mga dayuhang katumbas patungkol sa akademikong pagpapalitan, panrelihiyong pakikipag-ugnayan, pagpapalitan ng kultura, kalakalan at pamumuhunan, atbp?

Hindi. Ang mga pangunahing karapatan at kalayaan ng mga mamamayan ng Hong Kong, kabilang ang kalayaang makapasok o makalabas sa HKSAR, kalayaan ng budhi, kalayaang makisali sa akademikong pananaliksik, literatura at artistikong paglikha, at iba pang kultural na aktibidad, ay protektado ng Pangunahing Batas at hindi maaapektuhan. Ang paglabag sa pambansang seguridad ng pakikipagsabwatan sa mga dayuhan o panlabas na pwersa na isinasaad sa ilalim ng Batas ng Pambansang Seguridad ay tumutukoy lamang sa mga partikular na kilos, na malinaw na tinutukoy sa ilalim ng batas. Hindi ito makakaapekto sa mga normal na aktibidad ng pagpapalitan sa pagitan ng mga indibidwal, organisasyon o korporasyon at ang kanilang mga dayuhan o panlabas na katumbas, at hindi rin ito magiging sanhi ng sinuman na lumabag sa batas nang hindi sinasadya.

## 4

## Bakit nga ba ang pangunahin lang ang aakuin ng HKSAR ngunit hindi ang buong responsibilidad para sa pag-iingat ng pambansang seguridad? Bakit pinananatili pa rin ng mga Sentral na Awtoridad ang hurisdiksyon sa ilang mga kaso sa ilalim ng "mga partikular na pangyayari"?

Ang pambansang seguridad ay isang bagay sa loob ng saklaw ng mga Sentral na Awtoridad. Sa lahat ng soberanong estado, inaako ng sentral na pamahalaan ang pangunahing responsibilidad para sa pambansang seguridad at responsable para sa sentralisadong pamamahala ng mga usapin ng pambansang seguridad.



Sa pagpapatupad ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema", "ang mga tao ng Hong Kong na nangangasiwa sa Hong Kong" at isang mataas na antas ng awtonomiya, inaako ng HKSAR ang pangunahing responsibilidad para sa pag-iingat ng pambansang seguridad. Nagpapakita ito ng buong pagtitiwala ng mga Sentral na Awtoridad sa HKSAR. Gayunpaman, ang pagkilos na ito ng pagtitiwala ay hindi nangangahulugan na tinatalikuran na ng mga Sentral na Awtoridad ang kanilang responsibilidad at kapangyarihan hinggil sa pambansang seguridad. Sa katunayan, patungkol sa mga krimen na nagsasapanganib ng pambansang seguridad sa ilalim ng "mga

partikular na pangyayari", maaaring may mga kaso kung saan nahihirapan ang mga tagapagpatupad ng batas at mga hudisyal na lupon sa HKSAR na gamitin ang hurisdiksyon. Halimbawa, sa mga komplikadong sitwasyon kung saan ang ilang mga dayuhang institusyon o organisasyon ay nasangkot nang husto sa kaso, o kapag nasangkot ang pambansang depensa at mga usaping militar, o kung saan ang diplomatikong alitan ay magpapatuloy, mahirap para sa HKSAR na mag-isa lang na lubusang mag-imbestiga at kumilos. Kung saan ang mga kaso ay lampas sa kapasidad ng mga lokal na awtoridad sa pagpapatupad ng batas, ito ay kinakailangan para sa mga Sentral na Awtoridad na gamitin ang hurisdiksyon sa kanila. Sa ilalim ng Batas ng Pambansang Seguridad, ang mga kaso na kinakailangan ang mga Sentral na Awtoridad na gamitin ang hurisdiksyon ay tinukoy gamit ang layunin na pamantayan. Tinuturing ito nang may lubos na pag-iingat.

Higit pa rito, ang dahilan kung bakit ang mga Sentral na Awtoridad ay pinapanatili ang hurisdiksyon sa ilang mga kaso sa ilalim ng "mga partikular na pangyayari" ay upang maiwasan ang mga pinakamalubhang sitwasyon kung saan ang mga bagay ay lampas sa kontrol ng Pamahalaan ng HKSAR na mangangailangan ng paggamit ng Artikulo 18(4) ng Pangunahing Batas sa ilalim ng kung saan ang NPC Standing Committee ay nagpapasya na ang HKSAR ay nasa isang estado ng emerhensiya, at ang CPG ay maaaring maglabas ng isang kautusan na nag-aaplay ng mga nauugnay na pambansang batas sa HKSAR.

5

# Ang kasunduan ba ng pagpapanatili ng hurisdiksyon sa ilalim ng "mga partikular na pangyayari" ng mga Sentral na Awtoridad at ang pagtalaga ng mga hukom ng Punong Ehekutibo upang hatulan ang mga kaso ng pambansang seguridad ay nangangahulugan ng kawalan ng tiwala sa hudikatura ng HKSAR? At masisira ba nito ang independiyenteng hudisyal sa Hong Kong?

Ang panuntunan ng batas at independiyenteng hudisyal ay kabilang sa mga mahahalagang elemento kung saan umaasa ang tagumpay ng Hong Kong. Ang HKSAR ay pinagkalooban ng independiyenteng kapangyarihang hudisyal, kabilang na ang panghuling paghatol alinsunod sa Pangunahing Batas, na nagsisilbing suporta para sa legal na sistema ng Hong Kong sa nakalipas na 23 taon. Sa kabila nito, ang pag-iingat sa pambansang seguridad ay isang bagay sa loob ng saklaw ng mga Sentral na Awtoridad, hindi isa na nasa loob ng mataas na antas ng awtonomiya para sa SAR. Dapat tiyakin ng Pamahalaang Sentral na ang pambansang seguridad ay lubusang pinag-iingatan sa lahat ng pagkakataon at kahit saanman. Kailangan nitong panatilihin ang hurisdiksyon sa ilalim ng "mga partikular na pangyayari" upang mahawakan ang mga kaso na nagsasapanganib sa pambansang seguridad na lampas sa kapasidad ng HKSAR. Bukod dito, ang mga korte ng Hong Kong ay walang hurisdiksyon sa mga kilos ng estado; at ang paggamit ng kapangyarihan ng mga Sentral na Awtoridad upang mapag-iingatan ang pambansang seguridad ay bumubuo sa kilos ng estado. Partikular na isinasaad sa ikatlong talata ng Artikulo 19 ng Pangunahing Batas na "ang mga korte ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong ay hindi dapat magkakaroon ng hurisdiksyon sa mga kilos ng estado tulad ng depensa at mga usaping panlabas." Sa ilalim ng Batas ng Pambansang Seguridad, ang mga kaso na nagsasapanganib sa pambansang seguridad na konektado sa Hong Kong ay dapat pangasiwaan ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas at ng hudikatura

ng HKSAR. Ang nasabing pagsasaad ay dapat ituring bilang isang espesyal na kasunduan na nagpapakita ng "Isang Bansa, Dalawang Sistema" sa pinakamalaking paraan, at nagpapakita ng tiwala ng Pamahalaang Sentral sa mga awtoridad ng ehekutibo at hudisyal ng SAR gayundin ang paggalang sa parehong uri ng sistemang legal.

Sa ilalim ng Pangunahing Batas, ang mga hukom ng mga korte ng iba't ibang antas ng HKSAR ay dapat na itatalaga ng Punong Ehekutibo alinsunod sa mga legal na pamamaraan. Ang Punong Ehekutibo ay may pananagutan sa CPG, kaya nasa saklaw ng Punong Ehekutibo na magtalaga ng mga naaangkop na hukom upang litisin ang mga kaso ng mga krimen na nagsasapanganib sa pambansang seguridad.

Ang probisyon ay hindi nakakaapekto sa hudisyal na kalayaan. Ang hudisyal na kalayaan ay nangangahulugan na ang mga hukom ay malaya sa panghihimasok kapag aktwal na dinidinig ang mga kaso, at ang kaugnay na probisyon ay nilinaw lamang na ang Punong Ehekutibo ay magtatalaga, sa iba't ibang antas ng mga hukuman, ng isang listahan ng mga hukom na naaangkop na duminig ng mga kaso na nagsasapanganib sa pambansang seguridad , sa halip na pumili ng isang hukom na mamumuno sa isang partikular na kaso, at ang Punong Ehekutibo ay maaaring kumunsulta sa Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR at ng Punong Mahistrado ng Hukuman ng Pangwakas na Apela bago ito gawin. Higit pa rito, walang paghihigpit na ipinataw sa mga nasyonalidad ng mga hukom, na ganap na nagpapakita ng paggalang sa umiiral na sistema ng hudisyal ng HKSAR. (Walang bansa sa mundo na nagpapatupad ng kaugalian ng pagpapahintulot sa mga dayuhang mamamayan na maging mga hukom upang mamuno sa mga kaso tungkol sa pambansang seguridad.)

Malinaw ding isinasaad ng Batas ng Pambansang Seguridad na ang mga kaso ng pambansang seguridad sa ilalim ng hurisdiksyon ng HKSAR ay dapat iproseso alinsunod sa kasalukuyang mga legal na pamamaraan ng Hong Kong. Samakatuwid, kapag humaharap sa mga partikular na kaso, ang Hudikatura pa rin ang pipili ng mga hukom mula sa listahan sa itaas ng mga itinalagang hukom. Ang anumang alegasyon ng panghihimasok sa kalayaan ng hudikatura ay ganap na walang batayan.

6

# Bakit kailangang magtatag ng mga dedikadong kagawaran sa Kapulisan ng Hong Kong at Kagawaran ng Hustisya para sa pagpapatupad ng Batas ng Pambansang Seguridad? Ano ang magiging kaugnay na mapagkukunan ng manggagawa?


Mula nang bumalik ito sa Inang Bayan, ang Hong Kong ay hindi naglagay ng anumang mga pagpapatupad na mekanismo para sa pag-iingat ng pambansang seguridad. Upang mapag-iingatan ang pambansang seguridad, maraming gawain ang kasangkot, tulad ng pangangalap ng paniniktik, pagsusuri sa sitwasyon, at paghahain para sa imbestigasyon at prosekusyon ng mga kaso, gayundin ang kaugnay na gawaing legal. Bukod dito, ang mga tauhan na kinauukulan ay kailangang makatanggap ng espesyal na pagsasanay at makaipon ng makabuluhang karanasan. Ang Pamahalaan ng HKSAR ay sa ngayon ay hindi ganap na masuri ang kinakailangang manggagawa. Gayunpaman, ang Batas ng Pambansang Seguridad ay nagsasaad na, upang matiyak na sapat na mga mapagkukunan ang magagamit upang magampanan ang tungkulin, sa pag-aapruba ng Punong Ehekutibo, ang Kalihim ng Pananalapi ay dapat maglaan mula sa pangkalahatang pagpopondo ng kita upang mabayaran ang gastusin at mga tauhang kasangkot.



7

# Ang Batas ng Pambansang Seguridad ay nagpapahintulot sa Puwersa ng Pulisya na gumawa ng mga karagdagang hakbang. Magreresulta ba ito sa sobrang kapangyarihan para sa Pulisya?

Ang mga bansa ay palaging nagbibigay ng lahat ng kinakailangang epektibong hakbang para sa mga ahensyang nagpapatupad na kasangkot sa pambansang seguridad. Ang mga hakbang na ibinigay sa Batas ng Pambansang Seguridad ay kinakailangan para sa epektibong pagpapatupad ng iba't ibang probisyon nito. Ang Batas ng Pambansang Seguridad ay nagpapahintulot sa Punong Ehekutibo na, kasama ng Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR, gumawa ng mga kaugnay na tuntunin sa pagpapatupad para sa layunin ng paglalapat ng mga hakbang ng Pulisya, na may pananaw na makamit ang layunin ng batas, na kung saan ay upang mapigilan, masugpo at maparusahan ang mga kilos na nagsasapanganib ng pambansang seguridad.



8

# Ang Tagapayo ng Pambansang Seguridad ba na itinalaga ng mga Sentral na Awtoridad para sumali sa mga pagpupulong ng Komite para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng HKSAR ay magiging “Pinakamataas na Puno”?

Ang pambansang seguridad ay isang bagay sa loob ng saklaw ng mga Sentral na Awtoridad. Ang mga pagsusuri sa impormasyon at mga sitwasyong kasangkot ay napakalayo sa kakayahan ng isang lokal na pamahalaan. Ang Tagapayo ng Pambansang Seguridad na itinalaga ng mga Sentral na Awtoridad ay magbibigay lamang ng payo sa gawain ng HKSAR sa pag-iingat ng pambansang seguridad, at uupo lamang sa Komite ng Pambansang Seguridad ng HKSAR na pinamumunuan ng Punong Ehekutibo.




9

## Ano ang mga kapangyarihan sa pagpapatupad ng batas na ipinagkaloob sa Tanggapan para sa Pag-iingat ng Pambansang Seguridad ng CPG sa HKSAR? Ang mga opisyal ba ng pagpapatupad ng batas ng Tanggapan ay nakatali sa mga batas ng HKSAR?

Ang mga kapangyarihan ng pagpapatupad ng batas ng Tanggapan ay malinaw na isinasaad sa Batas ng Pambansang Seguridad at ang mga ito ay naaangkop lamang sa ilalim ng "mga partikular na pangyayari". Ang trabaho at mga aksyon sa pagpapatupad ng batas ng Tanggapan upang mapag-iingatan ang pambansang seguridad ay dapat na mahigpit na sumunod sa mga legal na probisyon, mga gawaing ayon sa batas at mga pamamaraang ayon sa batas.

Malinaw din na itinakda ng Batas ng Pambansang Seguridad na ang Tanggapan ay dapat gampanan ang mga tungkulin nang mahigpit ayon sa batas at napapailalim sa pangangasiwa ng mga pambansang awtoridad sa pangangasiwa alinsunod sa batas. Hindi ito dapat na lumabag sa mga legal na karapatan at interes ng sinumang indibidwal o organisasyon. Ang mga tauhan ng Tanggapan ay dapat ding sumunod sa mga batas ng HKSAR.



10

# Mapapahina ba ng Batas ng Pambansang Seguridad ang kumpiyansa ng mga dayuhang mamumuhunan at masisira ang katayuan ng Hong Kong bilang isang internasyonal na sentro ng pananalapi?

Ang kaguluhan sa lipunan, ang kabiguan ng panuntunan ng batas, ang kawalan ng proteksyon para sa mga ari-arian ng korporasyon at ang personal na kaligtasan ay ang tunay na mga salik na makakasira sa kumpiyansa ng mga mamumuhunan. Sa katunayan, ito ang mga salik na nagdudulot sa pagbagsak ng mga internasyonal na ranggo ng Hong Kong sa nakaraang taon. Ang United Kingdom, Estados Unidos ng Amerika, Pransya, Alemanya at Mainland China ay lahat ay nagpatupad ng pambansang batas sa seguridad, ngunit hindi namin narinig na ang naturang batas ay nakakaapekto sa pag-unlad ng ekonomiya at kapaligiran ng negosyo ng mga bansang ito. Ang Batas ng Pambansang Seguridad ay maaaring agad na baguhin ang magulong sitwasyon sa nakaraang taon at maibalik ang katatagan sa Hong Kong, sa gayon ay mapapabuti ang kapaligiran ng negosyo at pamumuhunan ng Hong Kong. Lubos kaming naniniwala na tanging ang pag-iingat ng pambansang seguridad ay mapag-iingatan na maaaring matatamasa ng Hong Kong ang pangmatagalang katatagan at seguridad. Samakatuwid, ang batas ay maaaring makatulong sa Hong Kong na patuloy na mapagbuti ang mga kalakasan nito, pag-aakit ng mga talento sa ibang bansa, pagpapalakas ng katayuan nito bilang isang internasyonal na sentro ng pananalapi pati na rin ang isang shipping at trading hub, bilang karagdagan sa pagbibigay ng lakas sa pagtataguyod ng pag-unlad ng inobasyon at teknolohiya.



## Ipagtanggol ang bottom line ng bansa
## Ibalik ang Hong Kong sa landas

# Ang Pag-iingat ng Pambansang Seguridad para sa Pangangalaga ng “Isang Bansa, Dalawang Sistema”

